Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG DISYEMBRE 23, 2009, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT ..... PANGALAWANG PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kagalang-galang Louie C. de Leon ..... Kagawad
Kagalang-galang Ramon D. Tan ..... Kagawad
Kagalang-galang Jun M. Asinas ..... Kagawad
Kagalang-galang Romulo A. Elca ..... Kagawad
Kagalang-galang Laura P. Obligacion ..... Kagawad
Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat ..... Kagawad
Kagalang-galang Angelito U. Limjuco ..... Kagawad
Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes . Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan

DI-DUMALO:

Kagalang-galang Oscar F. Feliciano ..... Kagawad
*Kagalang-galang Isagani R. Malapaya* ..... Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay

**KAPASIYAHAN BLG. 237-T2009**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET NG BARANGAY GATID NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAA'T SAMPUNG LIBONG PISO (Php110,000.00) MULA SA REAL PROPERTY TAX (RPT) UPANG ILAAN SA PAGBILI NG 4 UNITS STEEL FILING CABINET (Php30,000.00), 15 UNITS PERSONAL LOCKER (Php30,000.00) AT 25 CAVANS BIGAS (Php50,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 95-T2009/Kautusan sa Paglalaan Blg. 5-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Gatid na nagkakahalaga ng Php110,000.00 mula sa Real Property Tax (RPT) upang ilaan sa pagbili ng 4 units Steel Filing Cabinet (Php30,000.00), 15 units personal locker (Php30,000.00) at 25 cavans bigas (Php50,000.00) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa *paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.*

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Ramon D. Tan at Romulo A. Elca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet ng Barangay Gatid na nagkakahalaga ng Php110,000.00 mula sa Real Property Tax (RPT) upang ilaan sa pagbili ng 4 units Steel Filing Cabinet (Php30,000.00), 15 units personal locker (Php30,000.00) at 25 cavans bigas (Php50,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Gatid, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

ALAN T. PAMATMAT
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

ARIEL T. MAGCALAS
Punong Bayan